TOMO 11 BILANG 1 | ISSN NO. 2599-5405 | ENERO 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI


Kwentong Tagumpay
Page 2


BUKAS para sa LAHAT
Page 3


FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus
Page 4

# TULA AT DEBATE: PAGBIBIGAY BUHAY SA BALAGTASAN, ISINAGAWA SA CARD MRI

*ni Harlene Reyes*



*Pinarangalan ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO) Account Officers na sina Alberto Baraoid Jr., Judy May P. Ritamal, at Gerald M. Polines bilang mga kampeon para sa kategorya ng Account Officer. Kasama rin sa litrato sina CARD MRI Managing Director Mr. Aristeo A. Dequito (Ikalawa mula sa kaliwa); Senior CMIT Management Adviser Raul Dizon (pinakakaliwa); Senior CARD Bank Management Adviser Dr. Dolores M. Torres (gitna); CARD MRI Management Adviser Dr. Flodeliza L. Sarmiento (ikalima mula sa kanan); Senior CARD SME Bank Management Adviser Ms. Mary Jane A. Perreras (ika-apat mula sa kanan); Senior Management Adviser Dr. Lorenza dT. Bañez (Ikatlo mula sa kanan); CARD Masikhay President Ms. Lourdes B. Dijan (ikalawa mula sa kanan); at CARD, Inc. Executive Director Mr. Vicente P. Briones Jr. (pinakakanan).*

Isinagawa ng CARD MRI ang Baisay: CARD MRI Balagtasan 2023 sa pangunguna ng CARD MRI Hijos Tours upang ipakita ang talento ng mga kawani ng CARD MRI sa larangan ng pagtula at debate sa San Pablo City Laguna noong Disyembre 8, 2023.

"Ipinapakita ng programang ito ang simbolo ng dedikasyon at pagsisikap ng mga kawani ng CARD MRI upang magtagumpay sa anumang larangang kanilang tinatahak gamit ang kanilang husay, talento at talino," ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito.

Upang hubugin at kilalanin ang mga natatanging galing ng mga kawani ng CARD MRI, nahati ang programa sa kategorya ng Account Officer (AO), Unit Manager (UM), at Area Manager (AM) mula sa iba't ibang bahagi ng CARD MRI. Ang bawat grupong kalahok ay binubuo ng dalawang mambabalagtas at lakandiwa o lakambini, kung saan ipinakita ng mga ito ang kanilang mga piyesa.

"Ang mga kawani ng CARD MRI ay hindi lamang nagpakita ng kanilang mga talento at talino kundi pati na rin ng kanilang puso sa serbisyo at pagiging isang Pilipino," ani CARD MRI Hijos Tours President Marilyn Manila. "Dahil sa ganitong katangian ng mga kawani ng CARD MRI, natutulungan at nakapagbibigay tayo ng inspirasyon sa ating mga miyembro at komunidad upang magtagumpay rin sa kanilang mga tinatahak."

**Mga nagsipagwagi**

Sa kategorya ng Account Officer, kinilalang kampeon ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO) Account Officers na sina Alberto Baraoid Jr., Judy May P. Ritamal, at Gerald M. Polines. Itinanghal naman si Rochelle Siggaoat ng CARD Bank, Inc. Laoag A bilang Lakandiwa; Gerald M. Polines ng CARD, Inc. North Cotabato 2 bilang Prinsipe; at Judy May P. Ritamal ng CARD, Inc. Ilocos 1 bilang Prinsesa.

P2

## KWENTONG TAGUMPAY

# MULA SA PAMANA, HANGGANG SA TAGUMPAY

*ni Edrian Banania*




*Mula sa kanilang mga magulang, matagumpay na ipinagpatuloy ni Melanie Paña ang negosyo ng kanilang pamilya kasama ng karunungan, determinasyon at pagmamahal sa negosyo.*

Para kay Melanie Paña, hindi madali ang pamamahala ng sariling negosyo, ngunit ito naman ang nagbibigay karunungan upang maabot ang bawat pangarap at layunin sa buhay.

Si Melanie ay isang *microentrepreneur* mula sa Quezon Province na tinahak ang mundo ng negosyo dala ang mga karunungang itinuro sa kanilang magkakapatid ng kanilang mga magulang. Dahil sa kanyang determinasyon, masasabi

P2

## KOAPINYON:

AKING NAPAGTANTO NA NAPAKAHALAGANG NILILINANG NATIN ANG MGA KULTURANG MAYROON TAYO TULAD NG BALAGTASAN. IKAW BILANG PILIPINO, ANONG OPINYON MO?



# TULA AT DEBATE: ...

P1

Pinarangalan naman ang CARD RBI Unit Managers na sina Cheerelyn Lagunsad, Mark Anthony Cabrera, at Arnel Pelmoca bilang mga kampeon para sa kategorya ng Unit Manager habang ginawaran naman sina Cheerelyn Lagunsad ng CARD RBI Dumaguete bilang Lakandiwa; Arnel Pelmoca ng CARD RBI Trento bilang Prinsipe; at Marlene Fontanil ng CARD Bank, Inc. Candelaria bilang Prinsesa.

Sa kategorya naman ng Area Manager, kinilalang kampeon ang CARD SME Bank Unit Managers na sina Merwin Orita, Geraldine Deroy, at Darwin Calcaben habang itinanghal naman sina Josefina Dela Cruz ng CARD SME Bank Rosario Branch bilang Lakandiwa; Froilan H. Alejo ng CARD, Inc. Apayao bilang Prinsipe; at Mary Roselyn Montemayor ng CARD, Inc. Leyte bilang Prinsesa.

Ang CARD MRI Hijos Tours ay isang kompanya sa ilalim ng CARD MRI na nag-aabot ng mga makasaysayang karanasan sa mga tradisyon at kasaysayan ng bansa.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa CARD MRI Hijos Tours, bisitahin ang kanilang *Facebook page* sa @HijosToursOfficial at sa kanilang *website* sa @https://www.cardmri.com/hijostours/.

# KWENTONG TAGUMPAY

## MULA SA PAMANA ...

P1

niyang nagtagumpay siya sa kanyang negosyo.

"Habang kami ay lumalaki, tinuturuan na kami ng aming mga magulang sa pagnenegosyo maging sa mga proseso na kailangan naming malaman," ani Melanie. Dahil nagpapatakbo ang kanilang mga magulang ng tindahan ng bigas, siniguro ng mga ito na handa ang magkakapatid na pamahalaan ito pagdating ng tamang panahon.

Bagama't hindi natapos ni Melanie ang kanyang pag-aaral sa kursong *marketing*, pinunan naman niya ito ng mga aral at gabay mula sa kanyang mga magulang. Ito ang kanyang naging lakas upang matagumpay na patakbuhin ang kanilang negosyong bigasan.

Ngunit gaya ng ibang negosyante, humarap rin sa mga pagsubok ang negosyo ni Melanie tulad ng kakulangan sa puhunan at suplay. Mula sa mga hamong ito, naisip niya na sumali sa isang institusyon na nagbibigay ng mga serbisyong pinansyal.

Dahil dito, nakilala niya ang CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI. "Para sa akin, ang CARD Bank ay hindi lamang isang bangko kundi isang kakampi sa pagharap sa mga hamon at katuwang patungo sa tagumpay," ani Melanie.

Dagdag pa niya, "Sa patuloy na pag-unlad ng aming negosyo, nanatili ang suporta ng CARD Bank sa pamamagitan ng pagbibigay ng matibay na pundasyon sa pinansyal na aming kailangan para mapalago pa ito pati na rin ang pamumuhay ng aming pamilya."

Para kay Melanie, mahalaga ang pagkakaroon ng karunungan, determinasyon at pagmamahal para magtagumpay sa negosyo.

# KABUTIHAN SA BAWAT SERBISYO

*ni Edrian Banania*




*Itinuring ni Narciso Policarpio, isang negosyante at kliyente ng CARD RBI mula sa Binangonan, Rizal ang kabutihan bilang mahalagang bahagi sa pagkamit at pagpapanatili ng tagumpay.*

Bilang nagmamay-ari ng isang punerarya, nasaksihan na ni Narciso Policarpio ang pinakamalungkot na sandali ng buhay kaya't mahalaga para sa kanya ang kabutihan sa bawat serbisyo.

Bago pasukin ang mundo ng negosyo, si Narciso ay naging isang mekaniko sa isang kilalang kompanya sa loob ng maraming taon. Dahil sa lumalaking pangangailangan ng kanyang pamilya, ninais niyang makapagtrabaho sa ibang bansa. Gayunpaman, may ibang plano ang tadhana para sa kanya.

Ang pamilya Policarpio ay nagpapatakbo ng bangka o *boat rental* sa Binangonan, Rizal na kanilang patuloy na itinaguyod. Ngunit gamit ang kanyang *back pay*, nakipagsapalaran si Narciso at ang kanyang asawa sa pag-aalaga ng baboy at itik kung saan naghahatid sila ng mga buhay na baboy sa palengke at pinangangasiwaan ang 1,000 mga itik na nangingitlog ng mahigit sa isang libo kada araw.

Dahil sa tumataas na kompetisyon sa merkado na sinabayan pa ng *African Swine Fever* sa mga baboy, pinili ni Narciso na magbago ng landas. Sa pagkakataong ito, pinasok niya ang negosyo ng punerarya.

Nabuo ang Policarpio Funeral Service mula sa katapangan at determinasyon ni Narciso. Gamit ang kanyang ipon at maging ang pinagsanglaan ng kanyang sasakyan, nagtayo siya ng 24/7 na punerarya na nag-aalok ng abot-kayang *funeral packages* na nagsisimula sa presyong PHP15,000 kasama na ang kabaong, embalsamo at pag-aayos ng mga bulaklak.

"Kung hindi kayang bayaran ng isang kliyente ang aming *packages*, gumagawa kami ng paraan batay sa kung ano ang kaya nilang ibigay," sabi ni Narciso na hindi lamang abot-kayang presyo ang kaya nilang ihatid kundi ang dedikasyon at kabutihan para sa kanilang mga kliyente at komunidad.

Sa patuloy na paglago ng kanyang negosyo, naranasan ni Narciso ang pinakamalungkot na sandali sa kanyang buhay, nang pumanaw ang kanyang pinakamamahal na asawa. Kasama ng kanyang natitirang katapangan, inialay niya ang pinakamagandang serbisyo ng punerarya sa kanyang asawa. "Ang aking asawa ang aking patuloy na magiging inspirasyon at aking katuwang sa bawat tagumpay," aniya.

Sa ngayon, inihanda na ni Narciso ang kanyang anak sa negosyo ng pamilya mula sa pamamahala sa mga empleyado, paggawa ng kabaong, pag-embalsamo, pagsusuri sa merkado, at pakikisama sa ibang tao. Sinisuguro din niya na maintindihan ng kanyang anak na ang Policarpio Funeral Service ay "Maka-Tao at Maka-Masa".

Naging kaakibat rin sa pagpapaunlad ng Policarpio Funeral Service ang CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) dahil sa *loans* na inaalok nito na umabot na sa PHP150,000. Nagbibigay rin si Narciso ng *exclusive discounts* sa iba pang kliyente ng CARD RBI.

"Ang pagbibigay ng serbisyo kasama ang puso ang marahil nagpapatibay sa aming negosyo at aming magiging gabay upang makatulong pa sa marami sa pamamagitan ng pagbibigay ng abot-kaya ngunit may pusong pagbibigay ng serbisyo," ani Narciso.

Ang naging landas ni Narciso mula sa negosyo ng bangka patungo sa punerarya ay nagpapakita na ang tagumpay ay maaaring magmula sa pinagsamang layunin at kabutihan.

# BUKAS para sa LAHAT



Binuksan ng BotiCARD ang bagong sangay upang maghatid ng mga abot-kaya at dekalidad na mga produktong pangkalusugan sa Los Baños, Laguna noong Disyembre 18, 2023. Matatagpuan ang bago nitong sangay sa Door B Crossing, Batong Malake, Los Baños, Laguna. Para malaman ang higit pa tungkol sa BotiCARD, bisitahin ang kanilang *website* sa www.boticard.com o sa kanilang *Facebook page* sa @boricardofficial.




Katuwang ang Salim Group of Indonesia, binuksan ng CARD MRI ang limang CARD Indogrosir Store upang makapagbigay ng mas mura ngunit may kalidad na produkto sa publiko lalo't higit sa mga kliyente ng CARD MRI na may negosyong *sari-sari store*.

Binuksan ang mga sangay ng CARD Indogrosir sa San Pablo City at Los Baños sa Laguna, Tiaong, Candelaria, at Atimonan sa Quezon Province. Aasahan ngayong 2024 ang pagbubukas ng 100 sangay nito sa Laguna, Quezon, at Bicol Region.

# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 1 at manalo ng **PHP 50.00** load via Konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle.
4. Ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc**, kasama ng inyong name, center name, institusyon at cellphone number.

Ang unang sampu na makakapagpadala ng tamang sagot hanggang **Marso 31, 2024** ang makakatanggap ng premyo.

Sali na!




**Pababa:**

**1.** Bukod sa husay at talino, isa ito sa mga ipinamalas ng mga kawaning kalahok sa Baisay: CARD MRI Balagtasan 2023 noong Disyembre 8, 2023.
**3.** Ito ay tawag sa CARD MRI Balagtasan 2023 hatid ng CARD MRI Hijos Tours upang ipakita ang talento ng mga kawani ng CARD MRI sa larangan ng pagtula at debate.
**5.** Ito ang dala ni Melanie Paña sa pagtahak sa mundo ng negosyo. Ito rin ang itinuro sa kanilang magkakapatid ng kanilang mga magulang.
**7.** Ito ay isa sa katangian ng produktong pangkalusugang inaalok ng BotiCARD.

**Pahalang:**

**2.** Mula sa tradisyunal na tindahan, ito ang layunin ng CARD OttoKonek na gawin para sa mga sari-sari store owners para i-level up kanilang negosyo.
**4.** Sila ang mga naging kalahok sa Baisay: CARD MRI Balagtasan 2023.
**5.** Ito ay malaking bahagi sa pagkamit ng tagumpay ni Narciso Policarpio sa kanyang negosyo.
**6.** Ito ay isang institusyon sa ilalim ng CARD MRI na naglalayong tulungan ang komunidad lalo't higit ang sari-sari store owners.
**8.** Isa ito sa mga programang ibinibigay ng CARD LFC para sa MSMEs at Social Enterprises.
**9.** Sa salitang ingles, ito ay ang katas mula sa puno ng niyog na kinokolekta upang gawing Coco Sugar.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

## Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay



### COCONUT SUGAR: HALINA'T MATUTO NITO MULA KAY TITA LAYZEL

Taong 2019 nang simulan ni Layzel Bocol, isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) mula sa General Santos City ang paggawa ng *Coco Sugar*. Naging pamilyar si Layzel sa paggawa nito dahil ang kanyang ama ay nagtrabaho bilang isang *manager* sa isang *coconut plantation*. Ang *Coco Sugar* ay isang klase ng asukal mula sa katas ng sanga ng bulaklak ng niyog.

Mula kay Layzel, narito ang gabay sa paggawa ng *Coco Sugar*:

**Sangkap at materyales na kailangan:**

1. *Coconut Sap*
2. Sanggot
3. *Plastic container*
4. Sandok
5. *Stainless wok*
6. *Strainer*
7. *Stainless Tray*
8. *Oven*

**Proseso na kailangan**

1. Pumili ng puno ng niyog na maaaring kuhanan ng tuba o *sap*.
2. Gumamit ng karit para hiwain pababa ang bulaklak ng niyog o *coconut bud* at kunin ang katas o *coconut sap* nito.
3. Maaaring kolektahin ang *coconut sap* gamit ang plastik na lalagyan.
4. Kailangan kolektahin ng tatlong beses sa isang araw ang *coconut sap*. Pakuluan agad ito matapos makolekta.
5. Gamit ang *stainless wok*, lutuin ito hanggang maging malapot. Haluin lamang ito upang hindi masunog. Ang tagal ng pagpapakulo ay base sa dami ng *coconut sap*.
6. Kapag ito ay mabigat ng haluin, alisin ang kawali sa apoy at ituloy ang paghahalo.
7. Matapos haluin, patuyuin ito at i-press gamit ang sandok hanggang ma-powderize ang mga buo-buong asukal.
8. Gamitin naman ang *stainless strainer* upang magkaroon ng pare-parehong sukat ang mga ito.
9. Ilagay ang asukal sa *oven* gamit ang *stainless tray* at patuloy na haluin hanggang sa makuha ang tamang *moisture* nito.
10. Matapos makuha ang tamang *moisture* palamigin ang asukal at timbangin ayon sa pangangailangan.

Maaari mo ng ma-enjoy ang iyong *homemade* at *healthy coco sugar* na magbibigay sa iyo ng maraming mahahalagang bitamina.

# ANNIVERSERBISYO

## YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA

### CARD Leasing and Finance Corporation (CARD LFC)

Ipinagdiwang ng CARD Leasing and Finance Corporation (CARD LFC) ang ika-11 taon nito ng pagbibigay ng serbisyong pinansyal sa mga negosyante, pamilya, at komunidad noong Enero 10, 2024.

Ang CARD LFC ay mahalagang bahagi ng CARD MRI sa pagbibigay ng mga programa sa *leasing* at *financing* gaya ng *operating leases, finance leases*, at iba't ibang produkto sa pinansyal na angkop sa MSMEs at *Social Enterprises.*

### CARD Indogrosir

Ipinagdiwang ng CARD Indogrosir, Inc. ang unang taon ng serbisyo nito sa mga komunidad at kliyente ng CARD MRI noong Enero 16, 2024.

Ang CARD Indogrosir ay isang pamilihan na naglalayong tulungan ang komunidad lalo't higit ang *sari-sari store owners* na makasabay sa mga nagsusulputang mga *mart* sa mga bara-barangay. Layunin nitong maitaguyod at mapataas ang kita ng mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng abot-kaya at de-kalidad na mga produkto.

### CARD OttoKonek

Ang CARD OttoKonek ay nagdiwang ng kanilang unang taon ng paglilingkod sa mga *microentrepreneur* noong Enero 26, 2024.

Layunin nitong matulungan ang *sari-sari store owners* na i-level up kanilang negosyo sa pamamagitan ng pag-transform sa mga ito mula sa tradisyunal na tindahan patungong *digital*. Sa pamamagitan ng *OttoKonek Merchant App* nito ay natutulungan ang *sari-sari store owners* sa kanilang imbentaryo at gawing mas epektibo ang pamamahala ng kanilang negosyo.

